

Hatch-A-Wiki Presentation

August 11, 2022 - 10:00-10:30 UTC

Tagalog to English Translation

Guide for the First Part of Presentation

Ang lahat ay mag sisimula sa pagkakaroon ng interes sa pag buo ng isang wiki project. Lingid sa kaalaman ng nakakarami na ang pagkakaroon ng isang wiki ay hindi awtomatikong proseso.

It all starts with having an interest in building a wiki project. What most people don't know is that having a wiki is not an automatic process.

Tulad ng isang itlog na inaalagaan ng isang inahin, dumaraan ito sa pag-aalaga, paglilimlim, at ang kapanganakan ng sisiw. Sa aspetong ito, ang ipapanganak ay isang proyektong wiki.

Like an egg nurtured by a hen, it goes through nurturing, brooding, and the hatching of the chick. In this aspect, what will be born is a wiki project.

Ang interes na magkaroon ng isang proyektong wiki ay magmumula sa mga speakers o di kaya naman ay sa mga editors. Ang pinaka halimbawa na lamang ay kami, ang Wiki Advocates Philippines.

Interest in having a wiki project will come from speakers or perhaps from editors. Say, for example, we, the Wiki Advocates Philippines.

Ang proyektong nais naming isakatuparan ay aming isusumete sa LANGUAGE COMMITTEE ng WIKIMEDIA FOUNDATION. Ngunit bago makapagsumite ng request ay dapat na isaalang-alang na ang mga mahalagang bahagi.

The project we want to carry out will be submitted to the WIKIMEDIA FOUNDATION'S LANGUAGE COMMITTEE. But before submitting a request, important points must be considered.

Una ang proyektong napili ay dapat may valid ISO 639 language code. Ano nga ba ang ISO 639?

First the project selected must have a valid ISO 639 language code. What exactly is ISO 639?

Ibig sabihin ang wikang gagamitin sa projekto ay buhay may gumagamit sa pananalita maging sa paglilimbag at patuloy na umuunlad.

This means that the language that will be used in the project is alive in speech and in printing and is constantly developing.

At syempre kailangang siguraduhin na may sapat na miyembro na magiging katuwang sa pagbuo at pag mantine ng wiki project.

And of course, it is necessary to make sure that there are enough members who will be partners in building and maintaining the wiki project.

Kadalasan ay magsisimula ito sa mga datihan nang editors na naging parte ng isang kampanya o kaya naman ay sumali sa mga edit-a-thons.

This usually starts with former editors who have been part of a campaign or participated in edit-a-thons.

Sa karanasan ng aming grupo, ang unang incubator project na napagtugumpayan naming maipa-apruba, ay sinimulan ng isa hanggang sa tatlong editors.

In our group's experience, the first incubator project that we managed to get approved, was started by one to three editors.

Mula doon, nag-imbita kami ng mga may interes sa proyekto at pinanatili ang kanilang kagustuhang maisagawa ang aming layunin.

From there, we invited those who had an interest in the project and kept their willingness to carry out our goal.

Ganito ang sample ng request project. Makikita sa itaas na bahagi na may 3 vital process. Ito ay ang submission, verification at final decision.

This is a sample of the request project. Seen in the upper part with 3 vital processes. This is the submission, verification, and final decision.

Sa submission kelangan isumite ang mga importanteng impormasyon bago paman magsimula. Maigi at mayroon namang guide na magiging basehan ng tamang pagsusumite.

In the submission stage, relevant information must be submitted before starting. It's a good thing that there is a guide that will be the basis of the correct submission.

Habang sa Verification stage naman kinakailangang maalagaan ang panukalang wikiproject. Kung sa pag papapisa ng itlog ito ay ang paglilim-lim.

While in the Verification stage, it is necessary to take care of the proposed wiki project. Just like when an egg is hatching, this is the brooding stage of the mother hen.

Dito nagiging kritikal ang proseso. Kalimitan sa mga proyekto ay inaabot ng buwan o taon bago ito mailabas.

This is where the process becomes critical. Usually, projects take months or years before they are released.

May panahong dumarami ang editors at may iilang pagkakataon dumadalang ito at napapabayaan na hanggang sa magkaroon na naman ng isang grupo ng editors ang magmantine nito.

There is a time when the number of editors increases and there are a few times it diminishes and is neglected until again, another group of editors decides to maintain it.

Habang patuloy ang pag aambag at pag aalaga ng mga editors sa kanilang wikiproject, patuloy din ang pag monitor ng Language Committee gamit ang Catanalysis.

While the editors continue to contribute and care for their wiki project, the Language Committee also continues to monitor using Catanalysis.

Dito matatrack ang activities ng contributor sa incubator project. Magiging basehan din ito ng Language Committee sa pag apruba ng wikiproject base sa kung ano ang overall progress.

Here the contributor's activities in the incubator project can be tracked. This will also be the basis of the Language Committee in approving the wiki project based on the overall progress.

Malaking tulong din ito sa mga editors dahil dito biswal nilang makikita ang kanilang progreso.

It is also a great help to editors because here they can visually see their progress.

Magiging panatag ang mga editors na naaabot nila ang tamang bilang ng edits kapag kapansin-pansin ang madadaming linya na nagpapahiwatig ng aktibong pag-edit.

Editors will be confident that they are reaching the correct number of edits when multiple lines are noticeable indicating active editing.

Samantala kung nagiging bakante naman ito, malinaw na nasa kritikal na naman na estado ang proyekto. May panganib na muling magsimula sa simula ang mga editors.

Meanwhile, if it becomes vacant, it is clear that the project is in a critical state again. Editors risk starting from scratch.

Ganito ang sample ng approved wikiproject kung saan mangyayari sa final decision stage. Naglalaman ito ng mga detalye nangyari patungkol sa proposal, discussion at localization ng wikiproject.

This is the sample of the approved wikiproject that will happen at the final decision stage. It contains details about the proposal, discussion, and localization of the wikiproject.

Dito rin makikita ang mga editors o mga may interes sa proyekto, kung paano sila sumasang-ayon na dapat ngang buhayin ang proyektong wiki na ito.

Here you can also see the editors or those who have an interest in the project, and how they agree that this wiki project should be developed.

Sa ilang pagkakataon ay may iilang hindi sumasang-ayon.

In some cases, there are a few who disagree.

Sa ganitong paraan, makikitang ang pagtatrabaho ng mga editors sa wiki ay isang kolaboratibong proseso. Hindi ito gawain ng iisang tao lamang. Ito ay pagtutulungan ng lahat ng mga editors, datihan man o baguhan.

In this way, the work of wiki editors can be seen as a collaborative process. This is not the work of just one person. It is a collaboration of all editors, whether old or new.

Matapos nito ay ilalabas na ang wikiproject sa incubator upang maging ganap na wiki domain.

After this, the wiki project will be released from the incubator to become a full wiki domain.

Maaring maaprubahan ang isang wikiproject kung consistent ang humigit 5-10 editors sa loob ng 6 o lampas pang mga buwan. Ito ay base sa aming karanasan at obserbasyon na rin sa guidelines.

A wiki project can be approved if about 5-10 editors are consistent for 6 or more months. This is based on our experience and observation as well as the guidelines.

Maaring may ilang puna ang mga kasapi ng Language Committee kung paano pa mas mapapaunlad ang isang proyekto.

Language Committee members may have some feedback on how a project can be further developed.

Alalahanin lamang na ang mga punang ito ay hindi para i-antala ang proseso ng pag-hatch nito kundi para mas mapaigi pa ito at mas maging kapaki-pakinabang para sa nakakarami.

Just remember that these comments are not meant to delay its hatching process but to make it even better and more useful for many.

Kung matagumpay na maaprubahan ang proyektong wiki sa incubator, ito ay hindi lamang pagdiriwang ng inyong lokal na grupo, kundi ng lahat ng editors sa mundo ng wiki.

If the wiki project is successfully approved in the incubator, it is not only a celebration of your local group but of all editors in the wiki world.

Maihahambing ito sa espesyal na pagdating ng isang sanggol sa ating mundo.

It can be compared to the special day of birth of a baby in our world.

Ang wikiproject ay magkakaroon ng sariling espasyo matapos itong aprubahan ng Language Committee. Layunin ng Hatch-A-Wiki project na matulungan ang mga komunidad na nagnanais magkakaroon ng sariling wiki.

The wiki project will have its own space after it is approved by the Language Committee. The Hatch-A-Wiki project aims to help communities that want to have their own wiki.

Naglalayon kaming sa hinaharap, mula isa o dalawang proyekto, ay darami pa ang mga itlog na aming aalagaan, o mga incubator projects na aming pagtatrabahuhan, hanggang paisa-isa itong mapisa at mapakinabangan ng mas nakakaraming users ng Wiki.

We aim in the future, from one or two projects, there will be more eggs that we will take care of or incubator projects that we will work on until they are hatched one by one and more Wiki users will benefit.

Muli, kami ang Wiki Advocates Philippines mula sa baybayin ng Pasacao, Pilipinas.

Na nag iiwan ng ~

**Again, we are Wiki Advocates Philippines from the shores of Pasacao, Philippines.
That leaves a reminder ~**

“If you want to hatch a wiki - edit them daily”